

Makakansela ang “Gifu Semi-State of Emergency” (2022.3.17)

Ang Gifu Semi-State of Emergency Additional Preventive Measures ay makakansela sa Marso 21, 2022.

Ang "6th wave" ng COVID-19, na kumalat sa bilis at lawak na hindi pa nararanasan noon, ay patuloy na humuhupa.

Gayunpaman, ang bilang ng mga bagong positibo ay mataas pa rin, at mayroon pa ring mga isyu at alalahanin, tulad ng "Pagpasok ng bagong Fiscal Year" na humantong sa mabilis na pagtaas ng mga impeksyon noong nakaraang dalawang taon.

Hinihiling pa rin namin sa lahat ng mamamayan na patuloy gawin ang masusing mga hakbang sa infection control.

- Iwasan makipag salu-salo kasama ang mga taong hindi karaniwang nakakasalamuha. Pati na rin sa bahay, iwasan rin kumain at uminom kasama ang malaking grupo at sa mahabang oras.
- Magsuot ng mask, tahimik na pagkain at pag-uusap
- Iwasan ang mga party tulad ng cherry blossom viewing hangga't maaari
- Pagpapatupad ng infection control measures sa mga pagdiriwang tulad ng Easter Sunday, atbp.

Simula Marso 21, kakanselahin na rin ang kahilingan para sa Pagpapaikli ng Business Hours at pagsuspende sa pagsisilbi ng mga inuming nakalalasing sa mga restaurant, atbp.